# Mga komento sa trabaho

Mag-iwan ng note o magtanong sa team sa mismong trabaho. I-type ang @ at isang pangalan para sabihan ang taong iyon.

## Mga hakbang

1. Buksan ang trabaho. Sa computer, pindutin ang row nito sa listahan ng Mga trabaho; magbubukas ito sa tabi ng listahan.
2. Sa ilalim ng Mga komento, isulat ang note mo. I-type ang @ at pumili ng pangalan para sabihan ang taong iyon.
3. Iwanang Internal para sa team, o piliin ang Para sa customer para maipadala rin sa customer, saka pindutin ang Ipadala ang komento.

## Mabuting malaman

Sinasabihan sa bell ang binanggit mo. Kapag may sumagot, sinasabihan din ang lahat ng nagkomento dati.

Nakikita at nasusulatan ng mga technician ang mga komento sa sarili nilang trabaho sa app. Kaya ring magbasa at magdagdag ng komento ni Orsa, matapos mong kumpirmahin.

https://orshihq.com/help/job-comments